

Tala: 1

Transurethral Resection ng Prostate(includes abstract) Carmack A; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052383

Abstract: Ang transurethral resection ng prostate (TURP) ay isang operasyon upang tanggalin ang bahagi ng prostate gland. Ang prostate gland ay bahagi ng reproductive system ng lalaki. Gumagawa ito at nagtatago ng likido ng semilya. Ang malagatas na likidong ito ang nagbibigay nutrina sa semilya at binubuo ang bahagi ng semilya. Ang prostate ay parang sukat ng walnut. Ito ay nasa ibaba ng pantog at nasa harap ng tumbong.

[View English](#)

Database:

Consumer Health Information -- Tagalog

Transurethral Resection ng Prostate

(TURP)

ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang transurethral resection ng prostate (TURP) ay isang operasyon upang tanggalin ang bahagi ng prostate gland.

Ang prostate gland ay bahagi ng reproductive system ng lalaki. Gumagawa ito at nagtatago ng likido ng semilya. Ang malagatas na likidong ito ang nagbibigay nutrina sa semilya at binubuo ang bahagi ng semilya. Ang prostate ay parang sukat ng walnut. Ito ay nasa ibaba ng pantog at nasa harap ng tumbong.

Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Prostate gland
- Urethra
- Ari ng Lalaki
- Pantog

Mga Dahilan para sa Proseso

Ginagawa ang TURP kapag ang isang lalaki ay may lumaking, banayad (hindi nagiging cancer) na prostate. Tinatawag itong benign prostatic hyperplasia (BPH) . Sa BPH, ang prostate ay lumalaki at itinutulak ang urethra at pantog, na nakakaabala sa normal na daloy ng ihi.

Maaari ring isagawa ang TURP kapag ang isang lalaki ay may prostate na maaaring magkaroon ng cancer. At inaakala ng doktor na ang operasyong kumpletong pagtanggal sa prostate ay masyadong mapanganib. Sa kasong ito, ginagawa ang TURP upang tanggalin ang bahagi ng prostate at maibsan ang pagbabara at bawasan ang mga sintomas.

Kabilang sa ibang mga dahilan ang:

- Paulit-ulit na mga impeksiyon sa daluyan ng ihi dahil sa lumaking prostate
- Pabalik-balik na ihing may dugo
- Mga bato sa pantog
- Humina o napinsalang pantog
- Kawalan ng kakayahang tanggalin ang lahat ng laman ng pantog, na humahantong sa pinsala sa bato

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Labis na Katabaan

- Paninigarilyo
- Kakulangan ng nutrisyon
- Kamakailan lamang o matagal nang karamdaman
- Pagkalulong sa alak
- Diabetes
- Paggamit ng ilang mga resetang gamot at mga hindi nireresetang gamot

Anong Maaasahan

Bago ang proseso

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Pag-aralan ang mga gamot at mga pandagdag nutritina
- Mga pagsusuri sa dugo kabilang ang kumpletong bilang ng dugo , pagganap ng bato. PSA (prostate-specific antigen)
- Mga pagsusuri sa ihi kabilang ang urine culture
- Ultrasound ng bato, pantog, prostate
- Urodynamics upang tayahin ang antas ng pagbabara
- Mga x-ray ng mga bato at dibdib

Sa mga araw palapit sa iyong proseso:

- Sa gabi bago nito, kumain ng hindi masyadong nakakabusog na pagkain at huwag kumain o uminom ng anuman paglampas ng hatinggabi.

Anesthesia


Ang TURP ay nangangailangan ng general o spinal anesthesia .

Paglalarawan sa Proseso

Ang iyong siruhista ay magpapasok ng natatanging cystoscope (isang manipis, may ilaw na tubong ginagamit upang maeksamen ang pantog) sa urethra sa pamamagitan ng ari at pataas sa pantog. Pupunuin niya ang pantog ng isang solusyon. Tinutulungan siya nitong makita nang mas mabuti ang loob ng iyong katawan. Susuriin ang prostate gland sa pamamagitan ng pansilip. Ipapasok ng iyong siruhista ang isang surgical loop sa pamamagitan ng cystoscope. Tatanggalin niya ang lumaking bahagi ng prostate. Iniwan ang isang catheter sa pantog upang hayaang dumaloy ang ihi pagkatapos ng proseso. Maaari rin itong gamitin upang hugasan ang pantog at tanggalin ang mga namuong dugo.

Ilang bagong mga paraan ang kasalukuyang ginagamit, kabilang ang laser vaporization, transurethral needle ablation, at bipolar resection. Ang mga paraang ito ay maaaring magresulta sa mas kaunting mga komplikasyon sa ilang mga pasyente.

Transurethral Resection ng Prostate (TURP)



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Pagkatapos ng Proseso

Ipinapadala ang tinanggal na tissue sa laboratoryo para sa pagsusuri.

Gaano Katagal Ito?

Isang oras

Masakit Ba?

Sa loob ng ilang araw pagkatapos ng operasyon, maaaring makaramdam ka ng ilang pananakit. Maaari ring magdulot ang catheter ng ilang kawalan ng ginhawa.

Mga Posibleng Kumplikasyon

Maaaring mangyari ang TURP syndrome (nangyayari sa humigit-kumulang 2% ng mga pasyente, kadalasan sa loob ng unang 24 na oras). Kasama sa mga sintomas ang:

- Tumaas o bumabang presyon ng dugo
- Bradycardia (mabagal na aksyon ng puso) o di-normal na ritmo ng puso
- Tachypnea (tumaas na antas ng paghinga)
- Pagduduwal o pagsusuka
- Malabong paningin
- Kalituhan
- Pagkabagabag
- Coma at shock sa seryosong kaso

Kasama sa mga iba pang komplikasyon ang:

- Impeksiyon sa daluyan ng ihi (pinakamadalas)
- Incontinence
- Retrograde ejaculation—ang semilya ay dumadaloy papunta sa iyong pantog at lumalabas kapag

umihi ka (inaasahan pagkatapos ng operasyon at halos palaging nangyayari)

- Erectile dysfunction
- Thrombophlebitis (mga namuong dugo sa mga mababaw na ugat)
- Labis na pagdurugo, na maaaring mangailangan ng pagsasalin ng dugo (pangalawang pinakamadalas)
- Mga kumplikasyon ng anesthesia
- Pangangailangan para sa recatheterization
- Pangangailangan para sa isa pang operasyon

Karaniwang Pananatili sa Ospital

Ang magdamagang pananatili ay karaniwang pinaplano para sa TURP ngunit sa ilang mga kaso, ang pananatili ay maaaring kasing tagal ng 2-5 araw.

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Lalagyan ng catheter ang iyong pantog upang patuluin ang ihi. Ang catheter ay iniwanang magdamag. Ang ihi ay maaaring may dugo, ngunit huwag mabahala. Ito ay normal. Maaaring padaluyin ang tubig sa catheter papunta sa iyong pantog upang linisin ang dugo at mga namuong dugo.
- Palaging panatilihin ang tutuluang bag sa catheter sa ibaba ng libel ng iyong pantog.
- Regular na gawin ang mga ehersisyo sa paghinga at pag-ubo.
- Magpahinga sa kama hanggang sa susunod na umaga o mas matagal. Matutulungan ka ng nars sa unang pagkakataon na bumangon sa kama.
- Linisan ang bahagi kung saan pumapasok ang catheter sa urethra nang ilang beses sa isang araw gamit ang sabon, tubig, at bimpo.
- Uminom ng maraming likido, lalo na sa maghapon, upang linisan ang iyong pantog.
- Iwasan ang pagbubuhat ng mabigat o pagbubuhos ng lakas nang mga 3-4 na linggo.
- Iwasan ang pakikipagtalik nang mga 4-6 linggo pagkatapos ng operasyon.
- Iwasan ang alak, caffeine, at maaanghang na mga pagkain.

Resulta

Dapag magtagal ang paggaling sa operasyon nang mga tatlong linggo. Maaaring magpatuloy nang ilang panahon ang mga sintomas gaya ng madalas o masakit na pag-ihing, ngunit dapat mabawasan sa unang anim na linggo. Kung may dugo sa iyong ihi, humiga, magpahinga, at uminom ng isa o dalawang baso ng likido. Sa susunod na umihi ka dapat tumigil ang pagdurugo. Kung hindi, tawagan ang iyong doktor.

Kahit pa iiwasan mo ang pakikipagtalik nang 4-6 na linggo pagkatapos ng operasyon, hindi apektuhan ng operasyon ang iyong paghahangad ng pakikipagtalik o kakayahang makipagtalik. Malamang na mangyayari ang retrograde ejaculation. Gayunpaman, hindi ito dapat gamitin bilang pangkontrol sa pagbubuntis. Kung binabalik mong magkaroon ng anak sa hinaharap, kausapin ang iyong doktor tungkol sa mga masasamang epekto ng operasyon, gaya ng retrograde ejaculation, bago ang operasyon.

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

Pagkagaling sa ospital, tawagan ang inyong doktor kung magkakaroon ng alinman sa mga sumusunod:

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, tumitinding pananakit, labis na pagdurugo, o pagtagas mula sa inoperahang bahagi
- Ubo , kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, o malubhang pagduduwal o pagsusuka
- Pananakit, paghapdi, pagkaramdam na ihing-ihing, o madalas na pag-ihing, o tuluy-tuloy na pagdurugo sa ihi
- Kahirapan o kawalan ng kakayahang umihi
- Pagkabaog nang mas matagal sa tatlong buwan pagkatapos ng operasyon

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052383